REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
DECS Complex, Meralco Avenue
Pasig City, Philippines

PHILIPPINES 2000
Sama-Sama sa DECS

*Tanggapan ng Kalihim*
*Office of the Secretary*

Marso 13, 2001

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 90, s. 2001

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA PAGSASALIN SA FILIPINO NG MGA TEKNIKAL AT LITERARYONG AKDA

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Rehiyon
Direktor ng Lingkurang Sentro at mga Puno ng Yunit
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Patnugot ng mga Pribadong Paaralan, Elementarya at Sekundarya

1. Ang Panrehiyong Sentro sa Wikang Filipino ng Cordillera Administrative Region (PSWF)–CAR na nakabase sa Benguet State University, La Trinidad, Benguet ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magsasagawa ng Pambansang Seminar-Worksyap sa Filipino sa Strawberry Hall ng Benguet State University sa Abril 23-25, 2001.

2. Ang paksa ng pambansang seminar-worksyap ay "Pamamaraan sa Pagsasalin sa Filipino ng mga Akdang Teknikal at Pampanitikan".

3. Pagkatapos ng seminar-worksyap, inaasahang ang dadalong kinatawan ay:

a) Makapaghahanda sa malawakang pananaliksik tungo sa pagsasalin sa Filipino ng mga akdang teknikal at pampanitikan;
b) Magkakaroon ng sapat na kaalaman sa mga teorya at wastong pamamaraan ng pagsasalin sa Filipino ng mga akdang teknikal at pampanitikan;
k) Mapagbubuti at mapatataas ang antas ng kakayahan sa pagsasalin kaugnay ng iba't ibang larangan ng pagtuturo; at
d) Makapagsasalin sa Filipino ng mga orihinal na akdang panrehiyon.

4. Ang inaasahang dadalo sa seminar-worksyap na ito ay ang lahat ng panrehiyon at pansangay na tagamasid sa Filipino, mga puno sa Kagawaran ng Filipino, at sinumang hihiranging kinatawan mula sa mga paaralang elementarya, sekundarya at tersyarya. Kalakip ang tentatibong programa ng mga gawain.

5. Ang rehistrasyon ay Isang Libo at Dalawang Daang Piso (P1,200.00) para sa tatlong tanghalian, anim na miryenda, seminar bag, at mga handawts. Hindi kasama rito ang akomodasyon. Ang mga kinatawan na manggagaling sa mga pampublikong paaralan ay pinapayagang dumalo sa opisyal na oras lamang. Ang mga magmumula sa pribadong paaralan ay mangyaring makipag-ugnayan sa kanilang administrador.

6. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

ISAGANI R. CRUZ
Undersecretary

2-59

Kalakip:
Gaya ng nasasaad

Sanggunian:
Wala

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Lawak ng Pagkatuto (Learning Area), FILIPINO
SEMINARS
WORKSHOPS